"Kaya Natin Gawin. Gawin Natin. Gawin Natin Ngayon."

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis Techie "Soar" Rodriguez, Elder-Founder TLF
December 17, 2020

May lugar na tinaguriang "Lupang Pangako" – lugar kung saan ang mga tao ay umaasa sa mga pangako ng Diyos. Sinabi ng Panginoon kay Abraham, "Lisanin mo ang iyong bayan, ang tahanan ng iyong ama at mga kamag-anak, at pumunta ka sa bayang ituturo ko sa iyo. Pararamihin ko ang iyong mga anak at apo at gagawin kong isang malaking bansa. Pagpapalain kita, ibabantog ang iyong pangalan at magiging pagpapala sa marami" (Gen. 12:1-2). Sinabi ng Diyos sa mga tao na lisanin ang lugar at magpunta sa lupang ipinangako Niya kay Abraham.

Naglakbay ang mga tao hanggang dumating sila sa Lupang Pangako. Nakakita sila ng mga higanti at natakot sila sa mga ito. Subalit, may dalawang matapang, sina Joshua at Caleb, na nakiusap sa mga tao na magtungo sa lupang ipinangako ng Diyos. Karamihan sa kanila ay natakot; kayat, tinanggihan nila ang lupang bigay ng Diyos.

Kung alam natin ang mga pangako ng Diyos, alam din natin kung sino Siya. Kung nakatuon tayo sa mga pagsubok, inaangkin natin ang pagdududa. Hindi tayo uunlad kung nakatuon tayo sa ating takot. "Walang kalakip na takot ang tunay na pag-big sapagkat pinapawi ng pag-ibig ang anumang pagkatakot" (1 Jn. 4:18). Minsan, hindi nananalo ang nangingibabaw na katwiran. Kadalasan, takot tayo sa nangyayari sa atin.

Paano tayo nakatitiyak na panalo tayo?

1.Maniwala sa Salita ng Diyos.
1.1 Ang Salita ng Diyos ay higit na matalas kaysa sa alinmang tabak na magkabila'y talim na tumatagos sa puso at isipan.
1.2 Ang Kanyang Salita ay nag-uudyok at nagbibigay buhay. Pananggalang natin ito sa ating mga kaaway. Buhay ang salita ng Diyos.
1.3 "Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay Niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa Kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Jn. 3:16).

2. Tingnan ang sitwasyon gamit ang espirituwal na paningin.
2.1 Dapat tingnan natin ang sitwasyong ibinigay ng Diyos. "Namumuhay ako ayon sa pananalig sa Diyos, hindi sa mga bagay na nakikita" (2 Cor. 5:7).

2.2" Kaya't ang paningin namin ay nakapako sa mga bagay na di nakikita, hindi sa nakikita. Sapagkat panandalian lamang ang mga bagay na nakikita, ngunit walang hanggan ang mga bagay na di nakikita" (2 Cor. 4:18).

3. Magpokus sa mga pagkakataon.
3.1 Huwag hanapin ang wala. May mga dahilan ang bawat sitwasyon; huwag tayong magreklamo at magrebelde sa Diyos.

3.2 "Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako tulad ng inaakala ng ilan. Hindi pa Niya tinutupad ang pangakong iyon alang-alang sa inyo. Binibigyan Niya ng pagkakataon ang lahat na makapagsisi at magbalik-loob sa Diyos, sapagkat hindi Niya nais na kayo'y mapahamak" (2 Cor. 3:9).

Konklusyon:

Kakampi ng Diyos ang mga tapat sa Kanya. May lugar na kasama natin Siya. Pinapawi Niya ang lahat ng ating hirap at dusa. Kaya natin ito. Gawin na natin ito. Gawin na natin ngayon.

Isinalin ni: Sis. Nida Cruz
Na-edit at inaprobahan ni: Sis. Vera I. Tuplano
For more teachings, visit our website:
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials